Republic of the Philippines
Presidential Communications Office
NEWS AND INFORMATION BUREAU
PCOO-NIB Building, Malacañang Compound, Malacañang, Manila
Telephone Number: 734-3829

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY JARIUS BONDOC & MARISSA – SAPOL NI JARIUS BONDOC, DWIZ
NOVEMBER 4, 2017 (8:30 – 9:10 A.M.)

(30:24)
MARISSA: Makakapanayam natin ngayon ang bagong Presidential Spokesperson, Atty. Harry Roque. Good morning, Secretary Roque.

JARIUS: Good morning.

SEC. ROQUE: Hi Jarius, Marissa, magandang umaga po. Sa inyong mga tagapakinig, magandang umaga po.

JARIUS: Oho. Congratulations Secretary.

SEC. ROQUE: Ay naku, salamat po. Pero kailangan siguro good luck din.

JARIUS: Good luck din siyempre and God bless parati and more power siyempre. Papaanong nangyari ito Secretary, nakakagulat. Ikaw, eh kasi… eh alam naman natin pagka nababanggit iyong Presidente Duterte at nababanggit iyong human rights… eh human rights lawyer ka, eh allergic siya doon sa terminong iyon eh.

SEC. ROQUE: Well sana po mawala ang kaniyang allergy diyan 'no sa human rights. Dahil sa akin naman po, sa aking pananaw 'no, malinaw po ang naging polisiya ng Presidente matapos na mapatay itong si Kian 'no. Nagbigay-linaw ang Presidente na sagot niya ang kapulisan kapag ang pagpatay ay dahil sa isang legitimate na encounter 'no – ibig sabihin niyan, iyong paggamit ng dahas ay mayroong necessity at ito'y proportional 'no. Pero noong nangyari iyong kay Kian na nakita niya mismo sa CCTV na hindi pupuwedeng nanlaban si Kian, ang sinabi niya kaagad kay General Bato ay "*Arestuhin mo na 'yang mga pulis na 'yan 'no, dahil sagot ko sila kung legal ang kanilang ginagawa, pero kung iligal, ipakukulong ko sila.*"

JARIUS: Uhum. So malinaw kay Presidente ngayon na mayroong extra judicial killings, ganoon ba?

SEC. ROQUE: Well malinaw po ‘yan, kasi talagang siya na nag-utos na ikulong iyong mga pulis na pumatay kay Kian ‘no. At ang aking palaging sinasabi ‘no, bagama’t napabalita na itong si... Pangulo na namamatay-tao ‘no, eh sampung taon pong naging piskal ‘yan at saka abogado ‘no. Alam mo, iba mag-isip ang mga piskal. Kaming mga abogado, karamihan sa amin mga defense lawyers dahil kami ay nasa pribadong sector ‘no. Pero ang mga piskal talaga, talagang iniisip nila talaga eh how to convict ‘no para ipatupad ang batas ‘no. So ako po naniniwala, na bagama’t… sabi nga ni Presidente eh malikot ang kaniyang dila ‘no, ang kaniyang paninindigan bilang abogado, bilang piskal ay ipatupad ang batas, hindi po para lumabag sa batas.

JARIUS: Correct. Oo, at bilang private lawyer ‘di ba, ikaw mismo, naranasan mo iyong papaano mag-prosecute ano, hindi public prosecutor. Halimbawa doon sa case noong Ampatuan, ikaw ang tumatayong ano noon ‘di ba, private prosecutor for many of the victims… iyong pamilya at saka doon sa, iyong nangyari sa—iyong pinatay na ano, noong isang US serviceman.

SEC. ROQUE: Ah opo, si Jennifer Laude po at saka si Pemberton, tama po ‘yan. At kaya nga po, napakahirap pong tanggapin na talagang as a matter of policy eh papatay ang Presidente, bagama’t paulit-ulit niyang sinasabi ‘yan ‘no. Siguro dapat ang polisiya natin para sa taumbayan, si Presidente, eh seryosohin natin si Presidente pero huwag natin siyang kunin in a literal manner. At itong mga bagong buong grupo po ng mga abogado na mangangalap sana at magsusulong ng mga kasong murder ‘no dahil dito sa mga patayan sa drug war, eh sa akin po mabuting balita ‘yan pati po sa administrasyon ‘no.

Kasi ang problema po, eh iyong mga human rights groups natin—at napakatagal ko naman po diyan sa human rights community ‘no, they don’t go beyond iyong making noise, bagama’t ‘yan po talaga ang trabaho ng human rights group ‘no na kumukha ng atensiyon ng publiko sa pamamagitan ng mga pananalita at paggagawa ng ingay. Pero pagdating na diyan sa patayan, hindi po matitigil ang patayan kung hindi napaparusahan ang mga pumapatay.

Kaya importante, kumalap ng ebidensiya hindi lamang para mabaligtad iyong presumption of regularity, na tama ang ginagawa ng pulis dahil kapag walang ebidensiya na mali ang ginawa nila, eh the presumption prevail, kung hindi na rin para maparusahan nga itong mga pumapatay sa lipunan. Uulitin ko po, kaya mayroon tayong kultura ng impunity ay dahil po walang napaparusahan dito sa ating lipunan.

JARIUS: Oo, at iyong impunity na ‘yan hindi lang naman dito sa—sasabihin mo itong present Philippine National Police, matagal na ito eh… matagal nang nangyayari. Noong panahon ni Presidente Gloria Macapagal-Arroyo, iniisa-isa noon ang mga aktibista. ‘Di ba kaya isa ka doon sa mga nag-iingay laban kay General Palparan dahil pinapatay ang mga kaliwa noon.

MARISSA: Iyong Gerry Ortega of Palawan, ‘di ba isa pa iyon.

SEC. ROQUE: Oo, iyong Maguindanao Massacre po ‘no – lahat po ‘yan ay very well documented. At in fact, hindi lang kay Gloria Macapagal-Arroyo nagsimula ‘yan ‘no, nagsimula pa ‘yan talaga doon kay Ferdinand Marcos. Iyong dati-rati wala naman tayong “Desparecido,” ginaya iyong ginagawa sa Latin America ‘no. So talaga alam kong naging bahagi na ng kasaysayan natin, dahil walang napaparusahan ‘pag pumapatay ‘no.

At ako naman po, minabuti ko na, na tanggapin itong paghahamon na ito, itong oportunidad na ito dahil bilang tagapagsalita ng Pangulo, kapag ako tinanong tungkol sa mga ELK *(extralegal killings*) case, wala akong option kundi balikan ang kapulisan, balikan ang NBI ‘no kung ano talagang katotohanan sa mga kaso ng ‘di umanong ELK ‘no. At dahil kinakailangang balikan kung ano talaga ang mga pangyayari, eh siguro naman po makakatulong tayo ‘no para maitigil itong mga patayan na ito ‘no. Kung talagang mayroong ebidensiya na lumabag ang pulis sa ating mga batas at gumawa ng murder, eh kinakailangan po malitis sila. Pero kung totoo naman na nanlaban, eh kinakailangan naman na bigyan natin ng pagkakilala ang ating mga kapulisan.

JARIUS: Correct, oo. Kasi hindi naman puwede iyong pagka ano, sasabihin na lang human rights, eh pero sa totoo naman ay nanlaban pala talaga ‘di ba?

SEC. ROQUE: Opo, marami rin po talagang kasong nanlaban. At ngayon po ‘no, diyan sa Marawi, napadami pong sundalong namatay ‘no, lahat po ‘yan ay extralegal killings din ‘no. Iyong mga krimen na ginawa ng mga Maute, iyong pangho-hostage, iyong pangre-rape, iyong pamumugot-ulo, lahat po ‘yan paglabag ng karapatang pantao. Sa akin po, bilang isang pananalita, lahat po ‘yang mga kasong ‘yan… lahat eh, dahil wala naman tayong option. Habang tatanungin po ng media iyong mga kaso—(choppy line) talagang… (choppy line) tunay na pangyayari.

JARIUS: Paki-ulit Secretary Harry, na-garble tayo. Ano iyong sinasabi ninyo?

SEC. ROQUE: Well ang sabi ko nga po eh, iyong paglabag sa karapatang pantao napakadami po niyan, at hindi lang naman taong gobyerno ang gumagawa niyan ‘no. Iyong mga Maute, iyong mga panggagahasa nila, pamumugot ng ulo, pagho-hostage – lahat

po ‘yan ay paglabag din ng karapatang pantao ‘no. Iyong mga NPA na nangingidnap (kidnap) din ‘no, o ‘di naman kaya umaatake na hindi naman dapat atakihin dahil iyong isang tao ay hindi naman combatant ‘no. Lahat po ‘yan ay mga kaso na kapag tinanong sa atin ng media, eh kinakailangan balikan natin ang mga pangyayari at tawagin ang pansin ng kinauukulan kung kinakailangan dahil ang trabaho naman po ng Presidente eh magpatupad ng batas.

JARIUS: So papaano ngayon ‘to, magbabangga kayo ng… definition ng Philippine National Police. Kasi sinasabi nila, there’s no such thing EJK.

SEC. ROQUE: Oo, hindi po kailangang magbangga kasi hindi naman po PNP nagde-definition niyan ‘no, ang korte natin po nagbigay ng definition niyan ‘no, bagama’t napaka-narrow ng definition na ‘yan, iyong pagpatay ng aktibista at pagpatay ng mga mamamahayag. Pero mayroon din pong definition sa United Nations ‘no, iyong tinatawag na Minnesota protocol at kasama po sa Extralegal killings ang lahat ng pagpatay na wala pong due process ‘no. So sa akin po, bagama’t sinasabi ng pulis na walang ELK, siguro it’s a matter of sabihan sila na hindi sila ang nagbibigay ng definition diyan. At ang Presidente mismo, dahil siya’y nag-utos ng pagpapa-aresto ng mga pulis, sa mga pumatay kay Kian ay nagsabi na mayroon talagang paglabag sa batas na iilan lang naman ‘no. Naniniwala naman ako, karamihan ng ating kapulisan, kasundaluhan ay tapat sa ating Saligang Batas at sa ating mga batas.

JARIUS: Pero ‘di ba may issue rin kasi ng ano rito eh ‘no, pagiging honest and transparent ano. Kasi halimbawa, sasabihin ng pulis wala namang EJK sa buong Pilipinas mula noong naupo si Presidente Duterte. Pero ano iyong nangyari sa Mindoro noong Oktubre, si Zenaida Luz, Chairman siya sa Mindoro ng—Regional Head siya ng isang anti-crime…

MARISSA: Citizen’s Crime Watch.

JARIUS: Iyon, oo ‘di ba? Tapos nakita naman ah, pagkatapos siyang ambush-in, hinabol ng mga—rumesponde kaagad iyong mga pulis, nakipaglaban pa iyong naka-wig saka iyong naka-hood na naka-riding-in-tandem, nakipagbarilan sa pulis, aba eh noong buwal na silang dalawa, parehong may tama iyong dalawang bumaril doon sa Zenaida Luz, so sigaw sila “*Tropa, tropa…*” – ibig sabihin noon, ‘*Pulis din kami, pulis din kami.*’ At nakita roon, isang—

MARISSA: Ranking police officer… Senior Inspector saka isang Inspector.

JARIUS: Oo, Senior Inspector saka… oo ‘di ba? Iyon, obvious iyon.

SEC. ROQUE: Oo, obvious po ‘yan ‘no. Kaya nga po, siguro ang importante ay magkaroon tayo ng isang nakatutok sa mga kasong ‘yan, at sisiguraduhin nga na gumagana ang gulong ng katarungan ‘no. Kasi talaga ulitin ko, kapag hindi naparusahan, hindi matatakot ang mga kriminal at ulit-ulit na mangyayari ‘tong mga patayan sa ating lipunan. Kahit anong ngawa natin, kahit anong ingay natin, kung hindi natin napakukulong ‘yang mga pumapatay, patuloy po ang patayan sa lipunan. Importante po mangalap ng ebidensiya, manindigan, huwag magpatakot na isulong ang mga kaso nang maparusahan ang nagkakasala.

JARIUS: Bilang Presidential Spokesman ba Secretary Harry, iyong mga spokesman ng iba’t iba pang mga ahensiya ng gobyerno sa Executive Branch, halimbawa spokesman ng police, spokesman ng NBI, spokesman ng… kung anu-ano, ‘yan ba eh under sa iyo o mayroon kayong kahit papaano ay mga, parang mga may coordination kayo?

SEC. ROQUE: Well alam ninyo po, ilang araw pa lang ako ‘no pero ang napapansin ko po, dahil ang ranggong ibinigay po sa akin ng Pangulo/Presidente, hindi lang po iyong mga PIA ang nakikipag-ugnayan sa akin, iyong mga kalihim, diretso pong nakikipag-ugnayan sa akin ‘no. At ang nangyayari pa, noong unang araw kong pumasok sa opisina, lahat talaga ng departamento ay nagsa-submit sa opisina ko ng kanilang mga accomplishment report nang ito ay maibalita sa ating taumbayan ‘no. So ang katunayan po niyan ay parang nagkaroon ng mandato si Presidente, na bagama’t may kani-kaniyang mga PIO, ang gustong mangyari ngayon ‘ata ay centralize ang release ng information dahil wala pong tigil ang dating sa akin ng impormasyon galing po sa mga ibang departamento.

JARIUS: Oho. Pero papaano naman—

SEC. ROQUE: At ito naman po’y nakakatuwa ‘no. Nakakatuwa kasi bagama’t secretary na sila, puwedeng i-delegate sa PIO, sila po mismo ang nagpapadala ng impormasyon at ako nama’y nagagalak.

JARIUS: Oo, pero papaano ba hatian ninyo ng duties ngayon ni Press Secretary o ni PCOO Secretary Martin Andanar?

SEC. ROQUE: Well, napaka-defined naman po ‘no… ako po ang tagapagsalita, bagama’t kapag wala po ako ‘no dahil mayroon akong mga bagong mga aktibidades na gagawin ‘no – every Wednesday pupunta po ako sa Marawi, doon ako magpe-press briefing; at saka tuwing Biyernes po magpo-probinsiya ako, at doon ako magpe-press briefing sa mga provincial press corps ‘no. Kung wala po ako at including na diyan iyong Sabado/Linggo, eh si Secretary Andanar po ang papalit sa akin bilang tagapagsalita ano.

Pero malinaw naman po ang aming demarcations of functions ‘no – iyong PCOO po, sila talaga nagbibigay ng lahat ng ating pangangailangan ‘no, lahat ng briefing, lahat ng statement at tayo po ang literally tagapagsalita ‘no. Bagama’t ang trabaho ko po’y hindi nga lang tagapagsalita, dahil tingin ko po diyan, bago ka makapagsalita ng katotohanan, dapat alam mo ang katotohanan ‘no. Kasama po sa trabaho natin ang pagkalap ng katotohanan.

JARIUS: And how will you do that, iyong pagkalap ng—?

SEC. ROQUE: Ay ngayon po… oo, ngayon po it’s… again it helps po na ang ranggong binigay sa atin ay miyembro ng gabinete dahil ‘pag mayroon pong kailangang i-clarify ay diretso po tayo sa kalihim. So far po, wala pa tayong pagkakataon na mag-clarify sa PNP pero didiretso po tayo sa Hepe ng PNP ‘no, at saka siguro po sa OIC ng DILG, bagama’t sa Lunes po ay magkakaroon na ng kalihim ang DILG, ito nga pong si General Año.

JARIUS: Yeah, speaking of iyon… diyan sa katotohanan ano, kasi ang nangyayari diyan, ito lumabas sa Senate inquiry mismo ano, tungkol dito sa mga extra judicial killings, iyong mga ganiyan. Lumalabas na noon pa pala, last year pa, sinabihan na ni Senator Panfilo Lacson, na dating PNP Chief itong si Bato na, *“Ibigay mo sa amin kaya, Ronald…”* sinabi niyang ganoon, *“Ibigay mo sa amin lahat ng mga report nitong mga sinasabi ninyong nanlaban at napatay. Para makita natin kung totoo ngang nanlaban ito, hindi iyong sasabihin ninyo lang sa amin na 3,580 nanlaban ‘yan kaya ‘ayan… mga lehitimong pinatay ‘yan,”* mga ganoon… Eh wala pala ni isang report, eh nito nang September na ito, wala pa rin ni isang report na binibigay dahil ayaw daw siyang payagan ni Presidente Duterte.

SEC. ROQUE: Aalamin ko po iyan…

JARIUS: At iyon din ang sinabi ni CHR Chairman, by the way, CHR Chairman Chito Gascon, ganoon din ‘no. Hindi nga raw—noon pa raw niya hinihingi, wala raw binibigay ‘tong si Dela Rosa.

SEC. ROQUE: Well aalamin ko po talaga ‘yan ‘no, kasi sang-ayon mismo po sa PNP manual, kapag mayroong napatay, kinakailangan nagkakaroon ng inquest investigation. At ako nga po sa Kongreso ‘no, iyong inquest investigation ay mayroong isang piskal na tatawagin at ang piskal ay bibigyan ng crime scene, bibigyan ng ebidensiya para malaman kung nanlaban nga o gumamit ng sobrang dahas ang kapulisan ‘no, nasa manual po ‘yan. Automatic iyon, kung saan dinala—oo, ang importante lang, matupad nila iyong sarili nilang manual of procedure. At noong nasa Kongreso ako, hinihingi ko nga ‘yang mga inquest report na ‘yan, wala naman silang naibigay sa akin ‘no.

Pero noong nasa Kongreso pa rin ako, miyembro rin ako noong Joint Congressional Oversight Committee on Dangerous Drugs na pinamumunuan ni Senator Lacson 'no, at plano nga namin na isa-isahin 'yang mga kasong 'yan 'no, dahil iyon naman ang dahilan kaya mayroong Oversight 'no. So bagama't ako po'y tagapagsalita na ngayon, I look forward po 'no doon sa paggana ng Congressional Oversight dahil kaya naman binuo 'yan ay para nga malaman 'no, magkaroon ng check ang balance sa Ehekutibo 'no kung tama nga ba ang mga nangyayari dito sa drug war natin.

Pero Habang nandito po tayo, tagapagsalita, at habang tayo'y tatanungin, wala pong option kundi linawin, lalong-lalo na sa panig ng mga apektadong departamento pagdating po sa drug war, sa panig po ng PNP. Bagama't Jarius 'no, tinanggal na po ni Presidente sa PNP iyong implementasyon ng drug war, at ibinalik na niya sa PDEA dahil 'yan naman po ang nakasaad sa ating Dangerous Drugs Law.

JARIUS: Oo, of 2002. At kasi, kaya ko din alam naman 'yan dahil kahit papaano naman noon, na-involve din ako sa paggawa noong batas na iyon eh dahil hinihila ako parati ni Congressman Antonio Cuenco noong taong 2002, noong binubuo pa lang 'yang batas na 'yan. Kaya nga alam ko, ang talagang nagpapatakbo dapat dito ay Dangerous Drugs Board at ang implementing arm niyan ay Philippine Drug Enforcement Agency, hindi ang pulis. Ang PDEA ang nagde-deputize sa Police, sa Customs, sa Bureau of Post, NBI, AFP… para dito sa drug war. Pero hindi PNP ang namumuno dito, never…

SEC. ROQUE: Tama po iyon, tama po iyon. At in fact, again 'no iyong pagdinig ng budget sa House, minungkahi ko na nga sa PDEA 'no – bakit kayo pumapayag na binabago iyong mandato na nakasaad sa batas 'no. Ang sagot ng PDEA eh, kasi napakaliit nga nila. Ang aking mungkahi naman, humingi kayo ng sapat na budget nang sa ganoon, eh makakuha kayo ng mga tauhan galing sa PNP at galing sa military. Pero ang importante kasi, dahil sila ang may eksperiyensiya rito at may kakayahan, eh magbigay ng tamang training bago isabak sa war on drugs 'no. Kasi tingin ko, kapag mayroong mga collateral damage, eh dahil hindi sapat ang training.

Pansinin mo, lahat noong inaakusa na pumapatay na labag sa batas ay mga bagitong mga pulis – so ibig sabihin, kulang talaga sa eksperiyensiya, sa kakayahan 'no. So dapat, itaas muna iyong antas ng kakayahan bago isabak sa giyera no. At sa tingin ko, iyon naman ang direksiyon na tatahakin ng PDEA 'no at asahan natin na sa susunod na taon siguro ay mas malaking budget ang hihingin ng PDEA – at tama lang naman 'no dahil mas mabuting ilagay natin sa mga taong may sapat na kakayahan itong napakaimportante't sensitibong misyon na giyera laban sa droga.

JARIUS: So ano na ang napag-usapan ninyo ni Presidente Duterte tungkol dito sa EJK, saka iba pang mga issues tungkol dito sa pagiging Spokesman mo, Secretary Harry?

SEC. ROQUE: Well Jarius sa totoo lang, itong karapatang pantao, nagkaintindihan kami na bilang isang piskal, bilang isang abogado, hindi niya layunin na lumabag sa batas. Nais niyang manalo sa giyera laban sa droga na sang-ayon sa Saligang Batas at ayon sa ating batas.

Now kahapon lamang 'no, nakipag-ugnayan ako sa kaniya dahil may dalawang sensitibong issue na pupuwedeng maging dahilan na para ako'y labanan ng mga napakadambuhalang mga negosyante 'no. Una na po dito ay iyong napaka-palpak na telecom provider natin, at humingi ako ng clearance 'no, tinanong ko… na alam ko naman ang polisiya natin ay 'pag hindi kayo nag-improve ng inyong mga serbisyo ay magpapapasok siya ng pangatlong player 'no – kinumpirma niya sa akin 'yan. At iyong pangalawang issue na medyo sensitibo ay iyong pagpapatuloy sa ban ng open pit mining 'no. So nilinaw ko sa kaniya kung talagang ganiyan pa rin ang direksiyon – at hindi pa rin nga nagbabago.

So ganiyan naman po iyong ating… parang modus operandi ni Presidente 'no, alam ko namang kung anong sensitive na issue, at bagama't mayroon na siyang mga deklarasyon noong mga nakalipas na mga panahon ay tatanungin ko pa rin kung ang polisiya ay hindi nagbabago 'no. So ngayon po I can say with confidence 'no, na patuloy ang kaniyang polisiya laban sa open pit mining, at patuloy iyong kaniyang banta na kapag hindi nagkaroon ng improvement sa serbisyo ng mga telecoms, duopoly na 'yan… eh magpapapasok siya ng bagong player.

JARIUS: Papaano ito mangyayari, itong… pag-usapan na natin itong sa telecoms Secretary Harry ano. Kasi ito talaga, para sa mamamayan ano… sana pagtuunan din ng pansin ito ni Presidente, dahil mukhang siya na makakalutas nito. Nagkaroon kasi rito ng—'di ba may patakaran naman dito na use it or lose it 'di ba? Iyong 700 megahertz na frequency na binenta/binili noong dalawang duopoly ano, at ngayon nakasalang sana 'yan sa Competition Commission kung okay 'yang pagbenta na 'yan. Pero nag-issue ngayon ang korte ng injunction na parang… eh tapos na 'yan eh, nabenta na 'yan 'no – so nandiyan na 'yan sa duopoly, sila na ang puwedeng mag-ano niyan. Hindi ba dapat ibalik 'yan sa estado—hindi kasi, iyon ang patakaran eh – use it or lose it.

SEC. ROQUE: (Laughs) Jarius talagang batikan ka talagang mamamahayag. Actually 'yan iyong aking briefing sa Tuesday 'no, at ipaumanhin mo muna ngayon 'no dahil kinakailangan ko munang makipag-ugnayan kay SolGen, pero mayroon po akong marching order pagdating sa isyung 'yan 'no, at 'yan po'y tatalakayin natin sa ating press briefing on Tuesday.

JARIUS: On Tuesday, ibig sabihin may meeting ka with SolGen tungkol sa issue na ito?

SEC. ROQUE: Oo. Hindi na po pulong, ang ginagawa ko naman sa telepono lang 'no. Mayroon lang akong ika-clarify na mga issues para hindi naman tayo magkamali, and we will have a major policy pronouncement po on Tuesday on that.

JARIUS: Oho. So pagka ganito ba, major policy pronouncements… ikaw ito, Secretary Harry ano, doon lang tayo sa ano… iyong magiging tungkulin mo. Ikaw ang tiga-announce kumbaga, bukod si Presidente mismo, pagka hindi niya napagtuunan ng pansin o ng atensiyon kaagad, ikaw ang mag-a-announce nitong mga ganitong patakaran?

SEC. ROQUE: Oo, pero gaya ng sinabi ko po ano, kumuha na ako ng clearance kay Presidente. So ako ang gusto ko lang, eh bago ko i-discuss eh kumpleto iyong aking facts 'no, kasi ito iyong ganda ng aking posisyon eh – may issue, may tanong, kinakailangan malaman ko anong facts 'no, na magkaroon ng tamang mensahe ano sa taumbayan ano. So ang gusto ko lang, mayroon lang akong mga ilang punto lang na lilinawin dito bago tayo magbigay ng bagong pronouncement. Pero naka-schedule na po tayo na sa Tuesday, ito po iyong ating kumbaga, number one balita na ita-tackle sa Tuesday.

JARIUS: Sa Tuesday. Anong mangyayari ba sa Tuesday, mayroon kang… may…

SEC. ROQUE: Ah, regular press briefing po 'no – it's Tuesday and Thursday. Wednesday po is my press briefing sa Marawi, at Friday, my press briefing from the provinces. So, apat na po ang ating press briefing – dalawa sa Malacañang Press Corps.

JARIUS: Okay. Tapos iyong—

MARISSA: Secretary, kumusta iyong first press briefing mo?

JARIUS: Oo nga (laughs)… Tinalupan ka ba ng buhay o hindi naman? (laughs)

SEC. ROQUE: Okay naman po, nag-enjoy naman ako 'no. At sa totoo lang, bago iyong first press briefing na 'yan, siyempre may alinlangan ako 'no, nasa Kongreso na ako 'no, mayroon akong mikropono sa Kongreso, mayroon akong immunity 'no, nababatikos ko sila dahil humihingi sila ng budget 'no. Pero matapos noong Lunes, napansin ko… uy mas mukhang malakas na mikropono itong dito sa Press Briefing Room ng Malacañang (laughs).

JARIUS: Mas malakas ha (laughs)… literally and figuratively?

SEC. ROQUE: Oo, literally and figurative… mukhang—maski wala akong kinalaman sa budget ngayon, eh mukhang mas hindi nila pupuwedeng isnabin ang mikropono ng Malacañang ano, kahit sino sa gobyerno ano. So sabi ko, nawala na iyong alinlangan ko.

JARIUS: Kasi ilang diyaryo, ilang radyo, ilang telebisyon kaagad ang mag—

MARISSA: Ang mag-a-amplify, oo.

JARIUS: Ang mag-a-amplify noong sasabihin mo.

SEC. ROQUE: Oo nga eh, at saka siyempre ang pagkakaiba sa House, palagi kang may kasama 'no. Eh dito nag-iisa ka, at lahat ng media naroroon 'no. So kung mayroon kang isusulong para sa kabutihan ng bayan, eh magiging mas epektibo. Kaya nga for the first time, sabi ko tama talaga itong desisyon ko at wala na akong alinlangan, wala na akong panghihinayang doon sa aking pag-alis sa Kongreso.

MARISSA: Iyon nga ang gusto ko ring itanong eh. You were 'mambabatas' for over a year, ano ang positive and negative sa experiences mo, Secretary Harry?

SEC. ROQUE: Well ang positive po, naipasa ko naman iyong aking Pet Bill, kaya nga lang naka-pending pa sa Senado 'no. Ang pangako naman ni Presidente… "*'Pag naisabatas 'yan, eh 'di pipirmahan ko kaharap ka.*" Dahil 'yan naman ay pet bill mo ay universal healthcare—

JARIUS: Iyon, gamot 'no…

SEC. ROQUE: Oo, iyong free lunch para sa ating elementary. So 'yan po iyong mga naipasa ko na 'no, naka-binbin lang sa Senado 'no. So sabi niya, "*Huwag kang manghinayang 'no kasi mapipirmahan ko pa rin 'yan pagka dumating na sa akin.*" Tapos iyong regret ko lang, hindi ko pa naipapasa sa Special Committee iyong panukalang batas on karapatan ng mga Bakwit, iyong IDP Bill 'no. Pero tingin ko naman, susulong din 'yan kasi natapos ko na sa Committee 'no. So ang talagang patakaran naman sa Kongreso, iyong Chairman ang magdedepensa, pero iyong mga bills ko… hinahayaan naman ako ng mga chairman na magdepensa 'no. So ngayon no choice, iyong chairman, magdedepensa diyan 'no. Tapos iyong ating Whistleblower Act 'no, hindi ko rin na—'yan talaga hindi talaga nagsisimula pa sa Komite kaya nalulungkot ako 'no.

Pero—ah, iyong AIDS Bill ko pala natapos ko rin sa Kongreso ‘no. Saka ang maganda diyan sa AIDS Bill n a ‘yan dahil natapos ko sa Kongreso at ngayon mayroon akong napakalakas na mikropono, eh mas malakas iyong aking magiging advocacy laban sa… lalo pang, iyong pagkalat ng AIDS virus. Nakakabahala kasi na 4,000% ang increase ng AIDS sa Pilipinas ha – samantalang 37% decline worldwide ang AIDS ‘no. So asahan ninyo po, gagamitin natin mikropono sa Mindanao para i-disseminate na unang-una, kinakailangan magkaroon ng responsible relationship; number two kinakailangan gumagamit ng proteksiyon lalong-lalo na doon sa mga sektor na most vulnerable sa AIDS.

JARIUS: Oo. Nabanggit mo na ikaw ay hindi lang Presidential Spokesman, kung hindi Presidential Adviser din… on what?

SEC. ROQUE: Eh, ayaw ko pong unahan ang Pangulo. Anyway, manunumpa na naman po ako, pormal sa Lunes… isisiwalat na rin ni Pangulo kung ano iyong aking advisory post.

MARISSA: When are you resigning from Congress?

SEC. ROQUE: Hindi pa po (laughs)…

MARISSA: Ah, iba pa iyong panunumpa, iba pa iyong designation?

SEC. ROQUE: Hindi… oo kasi po, nagkaroon na ng dalawang precedence diyan – si Secretary Villar at si Secretary Alan Cayetano. Bagama’t nagsalita na si Senate President Pimentel nang sabihin niya, hindi na ako kinakailangang dumaan sa Commission on Appointments, eh pormal po akong magpapadala ng komunikasyon sa CA para malaman kong pormal kung ano iyong kanilang posisyon – at ito naman po ay sang-ayon na rin sa payo na binigay sa akin ni Congressman Rodito Albano ‘no, na anyway… iyon ang ginawa noong dalawang kalihim, hindi muna nag-resign, bagama’t ginanap na ang katungkulan ‘no hanggang hindi sila maipasa ng CA.

So ako po, hihingi lang ako ng pormal na desisyon na hindi na talaga ako kasama doon sa dapat ma-confirm, although ‘yan ang nabitawang salita ni Chairman—Senate President Koko Pimentel. Aantayin ko lang po nag mag-convene ang Congress at magkaroon ng pormal na meeting sa plenaryo ang CA at sabihin na talagang hindi ko na kinakailangan ng kompirmasyon.

JARIUS: Oo nga naman ano, kasi mamaya niyan ikaw pa ang biglang wala nang magagawa. Eh mayroon pang [laughter]… oo, hindi kasi hinalal iyong partido mo, iyong Kabayan Partylist at ikaw ang ano roon, authorized na representative ano.

MARISSA: Kabalikat ng Mamamayan…

JARIUS: Ngayon, mayroon lang mga katanungan lang ano, para lang malinaw this early kung ano iyong mga iniisip ni Presidente. Ito kasing… halimbawa revolutionary government, nagsalita si Presidente dito at alam natin may mga nag-uudyok sa kaniya, mga supporters niya 'no na magdeklara ka ng revolutionary government. At nabanggit niya ito hindi lang minsan, dalawang beses ano na pinag-iisipan nga niya ito. Ano nga ba itong revolutionary government?

SEC. ROQUE: Ay 'yan po ay kapag mayroong mga nagtangka na patalsikin siya sa puwesto. Unang-una, hindi nga niya kinakailangan ng revolutionary government dahil siya naman ay de jure government 'no, siya ay Constitutional government. Pero may mga pagkakataon kasi na labag ang pamamaraan ng pagpapatalsik sa ating Saligang Batas. For instance, iyong martial law eh para lang sa rebellion o 'di naman kaya invasion. Pero ang coup d' etat is neither a rebellion nor an invasion. Sa katunayan, 'yan ang dahilan kung bakit gumawa ng batas ang Kongreso na nagpapataw ng parusa sa coup d' etat.

Kasi bukod pa siya sa rebellion at hindi siya invasion. So ngayon, kung mayroong magpapatangka for instance na patalsikin siya sa pamamagitan ng coup d' etat, magagamit mo ba ang martial law? Or some would say baka hindi, kasi hindi naman para sa rebellion ang coup d' etat 'no. So sa aking pananaw, iyong mga pagkakataon na hindi malinaw na may isang kapangyarihan na naibigay sa Presidente, kung mayroong mga sakuna na mangyayari, eh nasa kaloob pa rin ng kapangyarihan ng presidente, doon sa tinatawag na residual powers 'no – iyong residual powers maski hindi binigay ng Saligang Batas, eh 'yan ay kapangyarihan ng presidente.

Kumbaga by default, all other powers not expressly mentioned in the Constitution, is the power of the president 'no. So nasa napasa loob 'yan, sa ganiyang residual power iyong magdeklara ng revolutionary government 'no, pero kinakailangan mayroong dahilan siyempre 'no – at iyong dahilan na iyon ay hindi pupuwedeng gamitin na dahilan para ma-except dito iyong tinatawag na 'extraordinary powers' of the President at Commander-In-Chief.

JARIUS: Pero itong rev gov na ito 'no, ang sinasabi rito magdeklara raw ito—lumalabas ito, nasa Facebook, may mga ads sila, may mga ano… sinasabi nila—kasama rito si Jo Alejandrino, Jose Alejandrino, dating… if I'm not mistaken Adviser ba ito ni FVR o ni Cory Aquino… hindi ko maalala eh, at ng economic adviser daw ngayon ni Presidente Duterte, I'm so sure. At sinasabi niya roon, magdeklara raw ng revolutionary government, i-abolish ang Kongreso, ideklarang bakante lahat ng position sa Ehekutibo at mamumuno ang Presidente, siya na ang gagawa ng mga batas sa pamamagitan ng executive decrees.

SEC. ROQUE: Well, ‘yan nga po iyong, siguro, definition ng revolutionary government. Pero sa akin po, wala namang—

JARIUS: Oo, pero walang sinasabi ritong coup d’ etat, walang cause…

SEC. ROQUE: Wala po, wala po, wala… Pero kasi po ang sinasabi ko nga, a revolutionary government can always be an option because tandaan ninyo, iyong desisyon ng Korte Suprema noong pumasok sa kapangyarihan si Cory Aquino, ni-recognize nila na si Cory Aquino is revolutionary government ‘no, na palaging Constitutional ‘yan dahil basta suportado ng taumbayan, nanggagaling sa taumbayan kung nasaan ang soberenya ng ating bansa, ‘yan ay sang-ayon pa rin sa ating Saligang Batas.

Pero ang aking—ina-assure ng taumbayan, bakit kinakailangan mag-revolutionary government si Presidente Duterte, eh ngayong siya naman talaga ng hinalal ‘no, siya ay de jure, siya ay Constitutional. So siguro iyong usaping revolution government, kapag mayroon talagang mga masasamang budhi na magtangka na siya ay patalsikin at hindi sapat ang kapangyarihan na nasa—na binabanggit sa ating Saligang Batas, iyong tinatawag ngang extraordinary power of the President as commander-in-chief, palaging option ‘yan.

JARIUS: Oo, pero ano pa ba ang hindi sapat para—kasi hindi ko ma-imagine na paano pababagsakin ang isang gobyerno ano o isang tulad ni Presidente Duterte, papaano bang pababagsakin ‘yan? Isang kabal of military officers halimbawa o may mga ano, may mga pulitiko na disgruntled… eh madali silang madampot eh, kasi ang Presidente ay commander-in-chief, so puwede niyang utusan… *“O kasuhan ito, damputin ito…”* ‘di ba? Wala kaagad iyon eh, lift in the bud kaagad kung sinuman iyong mga nagtatangka na ‘yan. At kailangan nila ng armas para magpabagsak ng isang presidente, lalo na iyong suportado ng lehislatura, ganyan ‘di ba?

SEC. ROQUE: Kasi nga alam mo, ang ine-emphasize ko, malabong mangyari ‘yan. Kaya nga siguro dapat huwag na nating pag-usapan nang mahabaan pa ‘no because it’s in the realm of speculation—

JARIUS: Eh nabanggit kasi ni Presidente Duterte at may mga nag-uudyok sa kaniya nito.

SEC. ROQUE: Opo, that’s a possibility gaya ng sinabi ko ‘no, pero remote possibility. At in the realm of theory, Constitutional theory… ang basehan niyan, anything na suportado ng taumbayan ay sang-ayon sa Saligang Batas ‘no – ‘yan nga iyong konsepto ng revolutionary government. Pero sa tingin ko, napakalakas ng suporta ng Presidente, kahit sinong magtangka ngayon, eh hindi po sila magtatagumpay. So tuldukan na po natin ‘yan

diyan, dahil habang pinag-uusapan natin ang revolutionary government, baka isipin ng taumbayan na talagang mangyayari 'no. Uulitin ko po, posible po 'yan pero sa akin, hindi po pupuwedeng mangyari or parang halos hindi mangyayari 'yan dahil napakalakas po ng suporta ng Presidente galing sa taumbayan.

JARIUS: Oo. So papaano itong pagpasok mo, mayroon bang nagre-resist na mga supporters ni Presidente? Kasi halimbawa iyong sinasabi mo ngayon na—hindi, may EJK talaga, halimbawa sinasabi mo ngayon, may mga magagalit sa iyo diyan.

MARISSA: Oo…

SEC. ROQUE: Mayroon po ano, pero mabuti naman po ang Presidente solid ang suporta sa atin 'no. At I think everyone na sumusuporta sa kaniya, eh walang kaduda-duda, nabasa nila na nais ni Presidente na tayo'y maging tagapagsalita. At siguro nga, isa sa dahilan na 'yan ay para naman mabigyan iyong legal context iyong pananalita ni Presidente lalong-lalo na sa war on drugs 'no. Uulitin ko po, hindi niya ninanais lumabag sa batas – ang sa kaniya po, nais niyang magwagi at nagwawagi naman po tayo sa loob din ng tinatawag nating rule of law.

JARIUS: Oo, pero hindi lang war on drugs ano. Nabanggit mo na nga, there are socio-economic reforms na gusto niyang itulak, economic reforms tulad noong ban on open pit mining ano na nakakahirap talaga ng buhay ng mga mamamayan, mga komunidad doon sa paligid ng mga open pit mines ano. Although this will apply only to future 'no, iyong mga existing hindi muna puwedeng bawian ng kontrata, am I right?

SEC. ROQUE: Opo, *[unclear].*

JARIUS: Oo, tapos iyong sinasabi mo ngang tungkol sa—iyong duopoly dito sa telecoms ano. Ano pa ba ang mga reporma na i-a-amplify mo para kay Presidente?

SEC. ROQUE: Ay iyong pagsusulong po ng reproductive health na tinututulan talaga ng simbahan 'no, seryoso po si Presidente diyan. Iyong mga panukalang batas po na naisabatas na natin 'no, iyong libreng tuition sa state universities and colleges, lahat naman po 'to ay talagang makasaysayang mga polisiya. Iyang libreng tuition po pupuwedeng na-veto 'yan, dahil tinutulan nga 'yan ng economic team ng ating Presidente. Ito naman sabi ni Presidente, *"Bahala na, maghanap tayo ng pera 'no. And debit naman ang problema."* Kampante siya na makakahanap ng pera at nagkaroon nga ng katuparan itong libreng tuition, at ganiyan rin po mangyayari doon sa mga iba pang bills na ako mismo nag-author dahil—at naipasa dahil sinertify (certified) as urgent 'no iyong libreng tanghalian at iyong libreng pagamot.

JARIUS: So, ano bang maaasahan natin in the near future kapag ikaw na ang nakapuwesto simula sa pagsumpa mo sa Lunes?

SEC. ROQUE: Well nagsimula na nga po tayo 'no, hindi pa tayo nanunumpa. Kaya lang nila gusto talaga akong manumpa, hindi ako makabasa ng mga confidential report, hindi ako mabigyan – iyon pala iyong difference. Kasi ako naman tagapagsalita, puwede ngang pribado akong indibidwal, ako magiging tagapagsalita ni Presidente, walang problema iyon eh 'no. Pero sabi nila, eh hindi mo nababasa itong mga confidential 'no, wala kang security clearance kaya kailangan magsumpa ka na sa Lunes. Pero sa akin, wala masyadong magbabago, kung ang telepono ko ay nag-ring, sasagot tayo at kung pupuwedeng magpa-interview, magpapa-interview tayo.

Ang hinihiling ko lang sa ating mga kapatid sa media, eh talagang napakadami pong tumatawag at talagang isa lang ang puwedeng sagutin 'no, at a time 'no. So habang nagri-ring ang telepono, lahat po 'yan sasagutin natin… hindi po natin a-adopt-in iyong policy na walang private interview, so lahat limited lang doon sa press briefing at sa statement 'no. Sa akin po is a 24/7 job, hangga't maaari magbibigay po tayo ng impormasyon dahil kinikilala naman po natin ang taumbayan, may karapatang mangalap ng impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay na makakaapekto sa kanilang mga buhay.

MARISSA: Secretary Harry, nag-graduate ka sa University of Michigan Ann Harbor, nag-graduate ka ng Bachelor of Law sa UP at saka Masters of Laws with merit sa London School of Economics—

JARIUS: Big time…

MARISSA: Saan ka natutong magsalita nang mabilis? (laughs) Isa sa requirement yata diyan sa pagiging Spokesman, para mas vibrant.

SEC. ROQUE: Okay… Natututo po ako, kasi anim kaming magkakapatid na palaging nag-aaway… [laughter] palaging nag-uunahan doon sa mga (laughs)… doon sa pandesal at doon sa paboritong parte ng manok 'no. So palaging nag-aaway at palaging nagdidiskurso (laughs).

MARISSA: Anong rank mo sa magkakapatid na anim?

SEC. ROQUE: Ay pangatlo po, kaya sabi nila mayroon daw akong middle child syndrome. Eh iyon iyong inaaway lang ako ng mga mas matatanda…

MARISSA: Tama, tama (laughs)…

JARIUS: Saka ng mga bunso, paborito… Ako may last question din sa'yo, may pagka-personal. Kasi matagal tayong nagkakasama rin sa mga iba-ibang causa ano, at masarap kang kasama 'pag kainan na eh. Eh papaano ngayon, puro trabaho itong mga masasabakan mo, eh papaano 'yan wala ka nang panahong kumain ng masasarap ano?

SEC. ROQUE: Alam mo… 'yan ang pinakamalungkot. Sabi ko, "Bakit walang buffet dito sa Malacañang…" [laughter]

JARIUS: Sabi ko na nga ba, 'yan ang una mong i-a-angal eh…

SEC. ROQUE: Walang buffet… kada meeting may pagkain pa. Aba'y sa Malacañang bibigyan ka lang ng kape. Sabi ko, "*Ito na ba ito? Wala ba itong pagkain?*" Sanay na sanay ako, lahat ng meeting may pagkain at mayroon pang buffet sa South Lounge. Hay naku…

JARIUS: Oo nga, kasi minsang nag—

SEC. ROQUE: Tapos ito pa ha…

MARISSA: 'Yan ang good luck (laughs).

SEC. ROQUE: Sabi nila, "*Ay Secretary ka naman, may pagkain ka.*" Kaya lang na-shock ako, naka-plastic (laughs)…

JARIUS: Iyon exactly! Kasi minsan lang nag-imbita si Presidente Duterte sa mga kolumnista, hindi naman sa ano, pero nagulat ako doon sa pinakain sa amin eh. Eh dati-dati 'pag may imbita ang mga presidente sa Malacañang, medyo may konting garbo – hindi naman sobra 'no, hindi naman labis, pero itong sa amin parang packed lunch.

SEC. ROQUE: Eh sabi ko nga sa'yo (overlapping voices)…

JARIUS: Sa isip-isip ko, nagtipid yata, parang packed lunch itong manok na 'to ha, parang ganoon – malamig pa (laughs).

SEC. ROQUE: Kaya nga sabi ko sa mga kasama ko sa Kongreso, "Sige 'pag nagutom na 'ko pupunta ako diyan, diyan ako kakain sa South Lounge…" napakalayo [laughter].

MARISSA: Okay. Thank you very much for your time, Secretary Harry.

JARIUS: So sige, good luck… good luck Secretary Harry ha.

SEC. ROQUE: Salamat po.

JARIUS: Okay. Mabuhay kayo and God bless.

MARISSA: Ang bagong Presidential Spokesperson, Secretary Harry Roque.

###